**Pamagat**: Malakias – Ang sugo ng Dios (Malachi – God's Messenger) Panimula

**Texto**: Malachi 1:1 "The burden of the word of the LORD to Israel by Malachi."

> *Pagsasalin*: Ito ang mabigat na mensahe ng salita ng PANGINOON sa mga taga-Israel sa pamamagitan ni Malakias (Malachi).

**Panimula**:

1. Ang pangalang Malachi ay nangangahulugang: "My Messenger" (or my angel).

2. Siya ang huling propheta hangga't sa isang messenger na maghahanda sa daan ng Messiah. (3:1)

3. Itong aklat ang conclusion (katapusan) ng Old Testament at nagsisilbing dugtong sa Bagong Tipan. (Malachi 3:1-6 at 4:2).

4. Mga isang daang taon ang nakalipas ng pagbabalik ng mga Hudyo sa Jerusalem pagkatapos ng Babylonian captivity. Subalit sila ay naging palalo at matingding mga kasalanan ang mga sumunod.

5. Ang manunulat ay si Malachi (1:1). At ang may akda ay ang Banal na Espiritu (2 Peter 1:21)

6. Ang aklat ng Malachi ay sinipi sa Bagong Tipan: (Matthew 11:19; 17:12; Mark 1:2; 9:11; Luke 1:17; Romans 9:13).

7. Recipient: (Mga Tumatanggap) – Nangaral si Malachi sa mga Hudyo na umuwi galing sa Babylon. Sinulatan niya ang mga pari (1:6; 2:1) at ang mga "remnant" (mga nanatili) (4:2-3).

I. **Mga Kasalanang Ispirituwal**:
   - A. Pagpapakunwari (Hypocricy) at Kawalang-galang (Irreverence).
   - B. Ang mga pari at ang mga tao ay lumalabag sa batas ng Panginoon.
   - C. Mayroong pitong tanong na walang-galang na nakasulat laban sa Dios na galing sa mga taga-Israel: (1:2, 6, 7; 2:17; 3:7, 8, 13).

II. **Mga Kasalanang Moral**:
   - A. Nawalan sila ng kabutihan at morals.
   - B. (3:5) – pangkukulam, pangagalunya, pagsisinungaling, panloloko, pang-aapi.

III. **Mga Kasalanang Social** (Panlipunan):
   - A. Ang paghihiwalay (Divorce) ay laganap. (2:16)
   - B. Ang pagaasawa ng mali ay laganap rin. (2:11) – daughter of a strange god. (babaeng sumasamba sa isang dios-diosan.

**Katapusan**:

1. Sa Genesis nagsimula ang tao sa Paraiso ng Panginoon, ang huling aklat ng Lumang Tipan ay makikita natin ang kalunkutan, kahirapan, at ang tao ay nasa loob ng parusa ng Dios. (4:6 – "curse" - sumpa) – lilipulin ninyo ang masasama na parang alikabok na tinatapakan.
2. Ang halaga na aklat ni Malachi ay kapag hindi nagsisi ang mga pari at mga Hudyo sila ay parurusahan ng Dios. Karapat-dapat lamang ang katapatan at kadalisayan sa paglilingkod sa Panginoon.
3. Si Jesus ay makikita sa 3:1 bilang "Messenger of the Covenant" at 4:2 "Sun of Righteousness."